ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KAPANATAGANG EMOSYUNAL AT PAGTATAGUYOD NG DISIPLINANG PAMPAG-AARAL

**Aileen Chavez-Miranda**
*The Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City 8000, Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang mga hamon sa disiplinang pampag-aaral ng mga guro ay naka-angkla, hindi lamang sa eksternal na kilos ng mga mag-aaral sa silid, kung hindi pati na rin sa mismong nangunguna nito. Kung kaya ang pananaliksik na ito ay binigyang pansin ang ugnayan ng lawak ng kapanatagang emosyunal ng mga guro at ang epekto nito sa kanilang napagtantong antas ng sarili nilang disiplinang pampag-aaral. Batay sa mga pagsusuri sa mga natuklasan, humantong ang mananaliksik sa sumusunod na konklusyon: mataas ang lawak ng kapanatagang emosyunal ng mga guro. Ito ay batay sa resultang natamo gamit ang apat na indikeytor na: optimismo, pagkamahinahon, awtonomiya, at pagmamalasakit. Mataas din ang digri ng pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro. Napagtanto rin na may makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal at disiplinang pampag-aaral; dahil dito ang hipotesis na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal at disiplinang pampag-aaral ng mga guro ay tinanggihan. Upang mabuo may makabuluhang impluwensiya sa digri ng pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro. Gayunpaman, ang indibidwal na indikeytor ay hindi makabuluhang salik ng disiplinang pampag-aaral. Sa pangkalahatan, mas mapapalawak pa ang ugnayan ng dalawang salik kung titingnan ang ibang anggulong nakatutok sa mga nasabing salik.*

**SUSING SALITA:** *Kapanatagang Emosyunal, Disiplinang Pampag-aaral*

## 1. MGA SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Madalas nahihirapan ang mga guro sa pagtataguyod sa disiplinang pampag-aaral dahil maraming limitasyon sa silid sa bansang Anatolya, mayroong mga pagkakataong hindi nabibigyang solusyon ang kilos o gawi ng mga mag-aaral dahil naka-ugat ito sa ugnayan o interaksyon na mayroon ang mag-aaral sa kaniyang mga magulang (Rubin, Root, at Bowker, 2010). Ang pag-iwas ng mga magulang ang kanilang responsibilidad sa pagdidisiplina sa kanilang mga anak ay nagdudulot ng paghihirap sa disiplinang pampag-aaral. Ang iba pang nakitang madalas na sitwasyon ay ang hindi pakikinig ng mga mag-aaral, ang kanilang pagsasalita nang walang pahintulot, at ang paglalakad sa loob ng silid (ÅžanlÄ, 2019).

Karaniwang nararanasan ng mga gurong nasa Australia ayon sa hamon sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ay ang pagpapatupad ng kapayapaan at kaayusan sa silid. Katulad ng pananaliksik sa Anatolya, nakita rin nilang madalas ang pakikipag-usap sa katabi nang walang pahintulot. Isa rin ang hindi pakikilahok sa mga diskusyon habang nagkaklase (McCormack, 1997). Sa iba pang pananaliksik na ginawa nina Erdogan et al. (2010), nalaman nilang ang kawalan ng kaganyakan, ang hindi pagsunod sa mga patakaran, ang kakulangan sa pangangasiwa ng kani-kanilang oras, at ang bihirang ugnayan sa mga silid ang karaniwang hamon sa disiplinang pampag-aaral.

Sa isang pananaliksik na ginawa sa unang rehiyon ng bansa, nalaman na ang mga guro ng asignaturang Agham ay mas ipinatutupad ang pamamaraan ng pagtuturo na naka-sentro sa mag-aaral. Nalaman nilang tumataas ang kaganyakan ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa klase kapag mas nararamdaman nilang may positibong ugnayan sa loob ng kanilang silid (Llego, 2017). Subalit, tulad din ng ibang bansa, marami ring pagsubok ang nararanasan ng mga Pilipinong guro sa kani-kanilang pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral. Ayon kay Gavino (2013), ang disiplinang pampag-aaral na ipinapairal ng mga guro ay bahagyang naapektuhan ng personal nilang pangyayari sa paaralan, kapwa guro, at pati na rin sa kani-kanilang mga komunidad. Kung ihahambing ang nakikitang resulta ng mga pananaliksik, masisilayan ang katotohanan na halos naka-sentro sa kawalan ng interes at kakulangan sa gamit ang limitasyon ng disiplinang pampag-aaral. Ang mga nasabing pagsubok ay nararanasan rin ng mga guro sa lokal na dibisyon ng Lungsod ng Davao.

### *1.1. Rebyu ng mga Makabuluhang Literatura*

**Kapanatagang Emosyunal ng mga Guro**

Bilang isang malayang baryabol, ang kapanatagang emosyunal ng mga guro ay mahalagang mabigyan ng mahaba at malakas na diskusyon, lalo na ang mga salik nito. Batay sa kahulugan ni Li (2005), ang emosyunal na kapanatagan ay isang bahagdan o paraan ng pagbibigay ng marka kung ang isang sistema ay may kakayanang i-balanse ang equilibrium nang maigi. Kung gagamiting lente ang mga baryabol ng pananaliksik na ito, ang sistema ay ang guro at ang emosyunal na kapanatagan ay ang tugon at paraan ng pagbawi ng nasabing guro sa kung anong eksternal na salik o hamong ibibigay sa kaniya.

**Mga Salik o Indikeytor ng Kapanatagang Emosyunal**

Optimismo. Ang unang kategorya o indikeytor ng kapanatagang emosyunal ay ang konsepto ng optimismo. Ayon kay Khaleq (2000), ang optimismo ay ang pagtingin sa hinaharap sa positibong lente. Ito ay ang antisipasyon ng

kaligayahan, kabutihan, at katagumpayan ng isang tao. Sabi naman ni Al-Ansari (2003), ang tao ay nasa sentro ng linyang ang magkabilang dulo ay ang pesimismo at optimismo. Ibig sabihin, ang posisyon ng tao sa linyang ito ang magdidikta kung anong digri ng optimismo mayroon ang isang tao.

Pagkamahinahon. Ang pangalawang indikeytor ay ang pagkabalisa at pagkamahinahon. Ang pagkabalisa ay ang matinding takot, kaba, at hindi pagkapakali (Ahmed at Cerkez, 2020). Malakas rin ang asosasyon ng pagkabalisa sa kapanatagang emosyunal ng isang tao. Ayon kanila Reich, Noyes, Coryell, at O'Gorman, ang isang uri ng pagkabalisa o state anxiety ay maaaring makita sa mga tao, ngunit iilan lang ang taong may manipestasyon nito o trait anxiety. Ang taong mahinahon ay may digring mas resistant sa matindi o minsan ay irasyonal na takot, kaba, at hindi pagkapakali.

Awtonomiya. Ayon kina Beller at Turner (1964), hindi tulad ng pesimismo at optimismo, ang pagsasarili at pagpapakalinga ay hindi talaga nasa magkabilaang dulo ng isang kontinyuwum. Ang pseudo na awtonomiya ay ang manipestasyon ng pagkakaroon ng tunggalian sa natural na konsepto ng pagpapakalinga. Ang taong totoong may kalayaan ay hindi gaanong mahigpit sa sarili.

Pagmamalasakit. Ang kaganyakan ay hindi lamang kaso ng motibasyon na sinusukat ang abilidad na tapusin ang isang gawain (Judge, Erez, at Bono, 1998). Ang sinasabing kaganyakan ay ang sukat ng motibasyong makibagay at umunawa sa karanasan ng ibang tao. Ang mga taong may mataas na empathy para sa ibang tao ay mas mataas na kaganyakan (Lockwood, 2017).

**Disiplinang Pampag-aaral**

Ayon sa isang pananaliksik na ginawa sa India, nakita ang hirap na nararanasan ng mga guro na nagdudulot sa mababang lebel nito sa pagtuturo. Nagsisimula ito sa oras na inilaan sa silid. Halos umuukupa ng malaking bahagdan ng oras sa trabaho sa aktuwal na pagtuturo at wala gaanong oras para sa ibang tungkulin. Napagtanto nilang may presyon nang nararanasan sa trabaho. Ngunit nakita rin ng pananaliksik na ang mga guro ay nagaganyakan sa mga estudyanteng may responsibilidad sa pag-aaral at sa layunin. Sa pagtataguyod din nila sa disiplinang pampag-aaral, may pagkakaiba-iba sa kanilang mga pamamaraan pero halos lahat ay nakapokus sa kanilang mag-aaral (Rao, 2016).

Kagalingan. Binibigyang kahulugan nito ang pangangailangan ng mga mag-aaral na unawain ang kanilang mga gawain pang-akademik (Stefanou, 2004). Katulad ng katotohanan na ang disiplinang pampag-aaral ay isang konseptong napakalawak at matuturing na relatib base sa nagtataguyod nito, ang bunga nito sa anyo ng kagalingan ay may kani-kaniya ring interpretasyon (Sun, 2015). Ang mga mag-aaral na nakikilahok sa isang epektibong sistema sa silid ay mas nagiging positibo at nagkakaroon ng mas mataas na lebel ng kaganyakan (Eranil, 2019).


Pagkakaugnay. Binibigyang diin nito ang kahalagan ng pangangailangan ng mga mag-aaral sa aspeto ng pagmamay-ari, personal na suporta, at seguridad sa kani-kanilang relasyon sa paaaralan (Stefanou, 2004). Ang pananaliksik na ginawa nina Fedesco, Bonem, Wang, at Henares (2019), nalaman nilang ang intrinsik na kaganyakan ng mga mag-aaral ay naiimpluwensyahan ng kung sino ang may malakas na pagkakaugnay ang tao.

Awtonomiya. Mahalaga sa isang sistema ang pagkakaroon ng awtonomiya. Ito ang nagbibigay ng tiwala sa mga mag-aaral na may kakayanan silang gumawa ng kanilang sariling desisyon. Ayon sa ibang pananaliksik nina Zuckerman, et. al. (1978), may positibong korelasyon ang pagkakaroon ng awtonomiya sa silid dahil pinapalakas nito ang kaganyakan ng mga mag-aaral at ng guro.

*1.2. Teoretikal/Konseptuwal na Balangkas*

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teorya nina Li at Ahlstrom (2015) na kung nagkakaroon ng ugnayan ang kapanatagang emosyunal ng isang tao sa kaniyang kapaligiran, lalong lalo na sa pangangasiwa sa trabaho at sa akay na kalugurang makukuha mula rito. Tinutukoy ng teorya ang kawalan ng malakas na pagkakatatag ng kahulugan at saklaw ng kapanatagang emosyunal. Ayon kina Morris et al. (2005), ang self-organization ay isang proseso ng pagkabuo at pagsasaayos ng mga indibidwal sa kani-kanilang gawi upang makamit ang katiwasayan ng sariling loob at maging sa ugnayan sa ibang indibidwal. Nagiging konektado ito sa kapanatagang emosyunal dahil ito ay nagmumula sa pagnanais ng taong mas magkaroon ng matatag at balanseng damdamin at reaksyon sa bagay-bagay. Ang aspetong tinitingnan ang impluwensiya ng kapanatagang emosyunal ay ang pagtataguyod ng mga guro sa kanilang disiplinang pampag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188




Talangguhitan Bilang 1. Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral.

*1.3. Paglalahad ng Suliranin*

Ang pananaliksik na ito ay ginawa upang malaman ang ugnayan ng emosyunal na kapanatagan at pagtataguyod ng guro ng disiplinang pampag-aaral. Bilang isang deskriptib kwantitatib na pananaliksik, nilalayon nitong bigyang sagot ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang lawak ng kapanatagang emosyunal ng mga guro ayon sa:
   1.1optimismo;
   1.2 pagkamahinahon;
   1.3 awtonomiya; at
   1.4 pagmamalasakit?
2. Ano ang digri ng pagtataguyod ng mga guro sa disiplinang pampag-aaral ayon sa:
   2.1 kagalingan;
   2.2 pagkakaugnay; at
   2.3 awtonomiya?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal at pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro?
4. Ano-anong indikeytor ng kapanatagang emosyunal ang may mahalagang impluwensiya sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro?

## 2. PAMAMARAAN

*2.1. Disenyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatibo at di-eksperimental na disenyo gamit ang deskriptib-korelesyon na metodo ng pananaliksik. Sa disenyong ito na nakabatay sa patakarang pananaliksik ng Higher Education Funding Council for England (2000) na ang pinakatuon nito ay tukuyin ang kinakailangang impormasyon na naglalarawan sa tunay na kalagayan, larawan, at estado ng isang naobserbahang pangyayari batay sa baryabol na pinag-aaralan.

*2.2. Ang mga Kalahok*

Sa pagpili ng mga tagatugon sa pananaliksik, may iba't ibang pamantayan o batayang ipapairal. Ito ang mga nasabing batayan: (1) sila ay isang guro ng asignaturang Filipino, (2) sila ay nakapagturo na ng tatlong taon, at (3) sila ay guro sa mga sekondaryang paaralan sa Klaster 1 ng Lungsod ng Dabaw para sa Taong Panuruan 2021-2022.

*2.3. Mga Hakbang sa Paglilikom ng mga Datos*

Ang mga datos at literaturang ginawang bahagi ng pananaliksik ay siniguradung napapanahon, mapagkakatiwalaan, at nakaukol sa paksa upang mabawasan ang probabilidad ng pagkakamali at palakihin ang bahagdan ng kahuasayan ng papel. Ikalawa, dahil malaki ang populasyong naidawit sa pananaliksik, ang pagpili ng sample size gamit ang simple random sampling na metodolohiya ay ginamit. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao, at sa Tagapamahala ng mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Davao, upang maisagawa ang pag-aaral.

*2.4. Pagsusuri ng Datos*

Mean. Sa istatistika, ito ay isang sukatan ng gitnang pagkahilig ng isang pamamahagi. Sa pag-aaral na ito, ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng kapanatagang emosyunal ng mga guro at ng digri ng pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral.

Pearson product moment Correlation Coefficient o ang Pearson r. Ang kagamitang pang-istatistikang ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng antas ng kapanatagang emosyunal at pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro.

Multiple Regression Analysis. Ito ay ginamit upang matukoy kung anong domeyn ng kapanatagang ang may makabuluhang impluwensiya sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## 3. PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

**Talahanayan 1. Lawak ng Kapanatagang Emosyunal ng Guro Ayon sa Optimismo**

| Blg. | Optimismo | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Umaasa akong magiging tama at matagumpay ang lahat ng mangyayari pagdating sa aking mga ginagawa at gagawin. | 4.66 | Lalong Mataas |
| 2. | Nakakamtan ko ang lahat ng aking ninanais sa madaling panahon, kung may tiyaga at tiwala ako sa aking sarili. | 3.33 | Katamtaman |
| 3. | Idinadaan o ipino-proseso ko ang aking problema sa mas magaan at maaliwalas na paraan. | 4.19 | Mataas |
| 4. | Naniniwala akong nararapat magkaroon ng boses at mabigyan ng pantay na oportunidad ang lahat ng tao. | 3.90 | Mataas |
| 5. | Ginagawa at nakikilahok ako sa mga bagay na nagbibigay sigla sa akin kahit na hindi tiyak ang hinaharap. | 3.44 | Mataas |
| Kabuoan | | 3.90 | Mataas |

Ang limang aytem sa indikeytor na optimismo ay nangangahulugang ang mga guro ay sumasang-ayon sa mga aytem nakatuon ang pansin sa optimismo na bahagi ng lawak ng kapanatagang emosyunal. Masasabing ang mga kalahok ay may mataas na antas ng kapanatagang emosyunal sa larangan ng optimismo. Pinatingkad sa pananaliksik na ginawa nina Augusto et al. (2010) na ang optimismo ay may positibong korelasyon sa sikolohikal na dimensyon ng isang tao.

**Talahanayan 2. Lawak ng Kapanatagang Emosyunal ng Guro Ayon sa Pagkamahinaon**

| Blg. | Pagkamahinaon | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nakapag-iisip at nakapag-dedisisyon pa rin ako ng maayos sa gitna ng pagsubok o okasyong malaki ang pressure. | 3.60 | Mataas |
| 2. | Tinitiyak kong magaling akong guro sa aking mga mag-aaral. | 4.69 | Lalong Mataas |
| 3. | Ginagawa ko ang mga aksyon at desisyong komportable ako. | 3.58 | Mataas |
| 4. | Napapanatag ko at nako-kontrol ang aking takot at kaba sa tuwing nasa negatibong sitwasyon ako. | 3.38 | Katamtaman |
| 5. | Tinututukan ko nang walang kahirap-hirao ang mga dapat gawin. | 4.58 | Lalong Mataas |
| Kabuoan | | 3.96 | Mataas |

Ang limang aytem sa indikeytor na ito ay may pangkalahatang mean na (3.96) o mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga guro ay sumasang-ayon sa mga katanungang nakatuon ang pansin sa pagkamahinahon na bahagi ng lawak ng kapanatagang emosyunal. Isa sa mga okupasyong madaling makapagbigay ng stress at pagkabalisa ang pagtuturo. Kung kaya ay mainam magkaroon ng pisikal at emosyunal na kapanatagan ang mga guro (Kaur, 2011). Mula sa datos na nakalap, makikitang mataas ang pagkamahinahon ng mga guro.

**Talahanayan 3. Lawak ng Kapanatagang Emosyunal ng Guro Ayon sa Awtonomiya**

| Blg. | Awtonomiya | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nananalig ako sa mga desisyong ako mismo ang gumawa. | 4.65 | Lalong Mataas |
| 2. | Nagtatanong ako sa mga awtoridad o nakatataas kung may bahagi akong hindi maintindihan. | 3.79 | Mataas |
| 3. | Nalalaman ko nang madali ang aking mga ninanais, mga lakas, mga ayaw, at mga kahinaan. | 4.69 | Lalong Mataas |
| 4. | Naniniwala akong lahat ay may kapangyarihang baguhin ang takbo ng buhay nila. | 3.31 | Katamtaman |
| 5. | Nilulutas ko ang isang problema nang mag-isa, kahit na may limitadong gamit. | 4.56 | Lalong Mataas |
| Kabuoan | | 4.20 | Lalong Mataas |

Ang limang aytem sa indikeytor na awtonomiya ay nangangahulugang ang mga guro ay lubos na sumasang-ayon sa mga katanungang nakatuon ang pansin sa awtonomiya na bahagi ng lawak ng kapanatagang emosyunal. Isa ang awtonomiya sa mga komplikadong indikeytor ng kapanatagang emosyunal ng isang tao. Bukod sa konsepto ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

awtonomiya at ng karaniwan nitong katunggali – pagpapakalinga, mayroon ding konsepto ng pseudo na awtonomiya (Beller at Turner, 1964).

**Talahanayan 4. Lawak ng Kapanatagang Emosyunal ng Guro Ayon sa Pagmamalasakit**

| Blg. | Pagmamalasakit | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Binibigyang konsiderasyon ko ang nararamdaman ng aking mag-aaral. | 4.81 | Lalong Mataas |
| 2. | Iniisip ko muna ang pananaw ng aking mga mag-aaral at kapwa ko guro bago ako mamuna. | 4.75 | Lalong Mataas |
| 3. | Naiimpluwensiyahan ako ng aking mga mag-aaral at kapwa ko guro sa aking lagay ng loob. | 3.35 | Katamtaman |
| 4. | Binibigyang-diin ko ang pakikinig at pag-uunawa ng aking mga mag-aaral bilang isang guro. | 4.17 | Mataas |
| 5. | Binibigyang repleksyon ko ang puna at suhestiyon sa pagtuturo bilang guro. | 4.75 | Lalong Mataas |
| Kabuoan | | 4.36 | Lalong Mataas |

Ang limang aytem sa indikeytor na pagmamalasakit ay may pangkalahatang mean na (4.36) na may panlarawang katumbas na lalong mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga guro ay lubos na sumasang-ayon sa mga katanungang nakatuon ang pansin sa pagmamalasakit na bahagi ng lawak ng kapanatagang emosyunal. Masasabing ang mga kalahok ay may napakataas na antas ng kapanatagang emosyunal sa larangan ng pagmamalasakit. Bukod doon ay lahat rin ng mga aytem ay nakakuha ng lalong mataas bilang panlarawang katumbas.

**Talahanayan 6. Digri ng Pagtataguyod ng mga Guro sa Kanilang Disiplinang Pampag-aaral Ayon sa Kagalingan**

| Blg. | Kagalingan | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Gumagamit ako ng iba’t ibang instructional materials na nakabatay sa paksang pag-aaralan para sa isang araw. | 3.60 | Mataas |
| 2. | Binigyang halaga ko ang importansya ng mga halimbawa o hindi kaya ay anekdota sa pagtuturo. | 3.67 | Mataas |
| 3. | Naipapakita ko sa aking mga mag-aaral ang kalakasan nila sa iba’t ibang aspeto ng mga gawain. | 3.35 | Katamtaman |
| 4. | Nakagagawa ako ng mga gawain at tanong nang wala gaanong kahirap-hirap ang aking mga mag-aaral. | 3.48 | Mataas |
| 5. | Nagagawa ng aking mga mag-aaral ang mga layunin sa silid na aking ginawa. | 4.58 | Lalong Mataas |
| Kabuoan | | 3.73 | Mataas |

Ang kagalingan ng silid ay naaayon din sa tiwala sa sarili ng mga mag-aaral na maaari silang makagawa ng mga bagay na higit sa madalas nilang awtput (Kurt et al., 2014). Ang limang aytem rin na nasa instrumento ng pananaliksik ay nakaayon rin sa mga aksyong nagawa o ginagawa ng mga guro sa kani-kanilang silid upang mapabuti ang kaganyakan at pangkalahatang kagalingan ng klase.

**Talahanayan 7. Digri ng Pagtataguyod ng mga Guro sa Kanilang Disiplinang Pampag-aaral Ayon sa Pagkakaugnay**

| Blg. | Pagkakaugnay | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Tinatanong ako ng aking mga mag-aaral ukol sa paksa. | 3.63 | Lalong Mataas |
| 2. | Binibigyan ko ng pantay na oportunidad at pagkakataong makilahok ang aking mga mag-aaral sa mga gawain. | 4.75 | Lalong Mataas |
| 3. | Ipinagagawa ko ang mga gawaing angkop sa lakas at kahinaan ng mga mag-aaral. | 4.67 | Lalong Mataas |
| 4. | Tinatandaan ko ang pangalan ng aking mga mag-aaral | 4.71 | Lalong Mataas |
| 5. | May digri ng pinaghalong respeto at pamilyal na ugnayan sa loob ng aking silid. | 3.30 | Lalong Mataas |
| Kabuoan | | 4.21 | Lalong Mataas |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang limang aytem sa indikeytor na pagkakaugnay ay may pangkalahatang mean na (4.21) na may panlarawang katumbas na lalong mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga guro ay lubos na sumasang-ayon sa mga katanungang nakatuon ang pansin sa pagkakaugnay na larangan ng disiplinang pampag-aaral. Masasabing ang mga kalahok ay may napaka-positibong pananaw sa sarili nilang pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral sa larangan ng pagkakaugnay. Ayon sa pananaliksik na ginawa nina Guiffrida, Gouveia, Wall, at Seward (2013), ang pagkakaroon ng ugnayan sa loob ng silid sa pagitan ng mga guro at kaniyang mga mag-aaral ay may positibong korelasyon kaganyakan at akademik na kagalingan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 8. Digri ng Pagtataguyod ng mga Guro sa Kanilang Disiplinang Pampag-aaral Ayon sa Awtonomiya**

| Blg. | Awtonomiya | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Hinihikayat ko ang aking mga mag-aaral na magsiyasat o matuto nang mag-isa. | 4.73 | Lalong Mataas |
| 2. | Hinahayaan kong magkaroon ng malayang talakayan sa silid ukol sa isang paksa. | 4.71 | Lalong Mataas |
| 3. | Binibigay ko ang balangkas at layunin ng paksa bago magsimula ang leksyon. | 4.73 | Lalong Mataas |
| 4. | Naoobserbahan ko ang kompiyansa ng mga mag-aaral ko sa kanilang mga desisyon. | 3.34 | Katamtaman |
| 5. | Kapag may hindi kaaya-ayang nagawa ang aking mag-aaral, tinitimbang ko ang pagpasyang gagawin. | 3.45 | Mataas |
| Kabuoan | | 4.19 | Mataas |

Ang mga aytem na nasa sarbey ay nagpapakita rin ng mga sitwasyong mayroong awtonomiyang ipinapairal sa sariling disiplinang pampag-aaral ng mga guro. Ito ay nangangahulugang ang mga guro ay sumasang-ayon sa mga katanungang nakatuon ang pansin sa awtonomiya na bahagi ng disiplinang pampag-aaral. Masasabing ang mga kalahok ay may positibong pananaw sa sarili nilang pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral sa larangan ng awtonomiya. Ayon kay Zuckerman, et al. (1978), may positibong korelasyon ang pagkakaroon ng awtonomiya sa silid sahil pinapalakas nito ang kaganyakan ng mga mag-aaral at ng guro.

**Talahanayan 10. Makabuluhang Ugnayan ang Kapanatagang Emosyunal at Pagtataguyod ng Disiplinang Pampag-aaral ng mga Guro**

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | p-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| (X) Kapanatagang Emosyunal | 0.651 | Mataas na Korelasyon | .000 | Tinanggihan |
| (Y) Sariling Pagtataguyod ng Disiplinang Pampag-aaral | | | | |

MK- Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan

Ang datos ng makabuluhang ugnayan ng kapanatagang emosyunal at pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral. Lumabas ang r-valyu na (0.651) nang suriin ang ugnayan ng kapanatagang emosyunal at disiplinang pampag-aaral ng mga guro. Ito ay nagpapakita ng mataas na digri ng ugnayan. Masasabing ang ugnayan ay makabuluhan dahil ang p-value na 0.000 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. ($p=0.000 < 0.05$). Ang hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal ng mga guro at ang pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ay tinanggihan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 11. Indikeytor ng Kapanatagang Emosyunal na may Mahalagang Impluwensya sa Pagtataguyod ng Disiplinang Pampag-aaral ng mga Guro**

| Malayang Baryabol | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | t-ratio | Sig |
|---|---|---|---|---|---|
| | B | Std. Error | Beta | | |
| Constant | 1.714 | 0.552 | | 3.106 | 0.003 |
| Optimismo | 0.050 | 0.184 | 0.059 | 0.269 | 0.785 |
| Pagkamahinaon | 0.270 | 0.175 | 0.310 | 1.539 | 0.131 |
| Awtonomiya | 0.285 | 0.165 | 0.332 | 1.727 | 0.091 |
| Pagmamalasakit | 0.036 | 0.130 | 0.039 | 0.273 | 0.786 |

**Makabuluhan kung ang p-value < 0.05

Ang unang indikeytor ay nangangahulugang hindi maaaring tanggihan ang pangalawang null na hipotesis na nagsasabing walang domeyn ng kapanatagang emosyunal ang may makabuluhang impluwensiya sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral. Ang pangalawang indikeytor ay nangangahulugang hindi maaaring tanggihan ang pangalawang null na hipotesis na nagsasabing walang domeyn ng kapanatagang emosyunal ang may makabuluhang impluwensiya sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral. Ang pangatlong indikeytor na awtonomiya ay nangangahulugang hindi maaaring tanggihan ang pangalawang null na hipotesis na nagsasabing walang domeyn ng kapanatagang emosyunal ang may makabuluhang impluwensiya sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral. Ang panghuli at pang-apat na indikeytor na pagmamalasakit ay nangangahulugang hindi maaaring tanggihan ang

pangalawang null na hipotesis na nagsasabing walang domeyn ng kapanatagang emosyunal ang may makabuluhang impluwensiya sa pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

*4.1. Konklusyon*

Batay sa mga pagsusuri sa mga natuklasan, humantong ang mananaliksik sa sumusunod na konklusyon: Mataas ang lawak ng kapanatagang emosyunal ng mga guro. Ito ay batay sa resultang natamo gamit ang apat na indikeytor na: optimismo, pagkamahinahon, awtonomiya, at pagmamalasakit. Mataas din ang digri ng pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro.

Napagtanto rin na may makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal at disiplinang pampag-aaral dahil dito ang hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal at disiplinang pampag-aaral ng mga guro ay tinanggihan. Upang mabuo ang mga konklusyon, sinasabing ang kapanatagang emosyunal ay napatunayang may makabuluhang impluwensiya sa digri ng pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral ng mga guro. Gayunpaman, ang indibidwal na indikeytor ay hindi makabuluhang salik ng disiplinang pampag-aaral.

*4.2. Rekomendasyon*

Batay sa mga nabuong konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihain ng mananaliksik:

Una, panatilihing magkaroon ng mga programang makapagbibigay pansin sa estado ng kapanatagang emosyunal, hindi lamang ng mga mag-aaral, kung hindi pati na rin ang mga guro. Dahil napatunayang may makabuluhang ugnayan ang kapanatagang emosyunal sa kanilang pagtataguyod ng disiplinang pampag-aaral, mainam na ayusin ang kurikulum, workload, at kaukulang nararamdaman ng mga guro upang mas maging mainam ang performans nila sa silid.

Pangalawa, inirekomenda rin na ang resultang nakuha mula sa pananaliksik na maging batayan ng mga guro sa kanilang pagbabalak at pagdidisenyo ng mga araling para sa kanilang mga mag-aaral.

Pangatlo at panghuli ay magkaroon ng ibang pag-aaral hinggil sa mga kapanatagang emosyunal at disiplinang pampag-aaral. Magsasagawa ng katulad na pag-aaral sa ibang sangay gamit ang ibang set ng mga kalahok at antas ng pag-aaral.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Ahmed, S. A., & Çerkez, Y. (2020). The Impact of Anxiety, Depression, and Stress on Emotional Stability among the University Students from the view of educational aspects. Propositos y Representaciones, 8(3), 520.*
2. *Augusto-Landa, J. M., Pulido-Martos, M., & Lopez-Zafra, E. (2010). Does Perceived Emotional Intelligence and Optimism/pessimism Predict Psychological Well-being? Journal of Happiness Studies, 12(3), 463–474. doi:10.1007/s10902-010-9209-7*
3. *ÅžanlÄ, Ã. N. (2019). An evaluation of the teachers classroom management problems. Educational Research and Reviews, 14(8), 282-292.*
4. *Beller, E. K., and J. L. Turner 1964 Sex differences: the factorial structure of personality variables in "normal" and "emotionally disturbed" preschool children. Paper presented at the Eastern Psychological Association Meeting, Philadelphia, April.*
5. *Eranıl, A. K., Özcan, M., & Özek, B. Y. (2019). Examination of classroom management competencies of faculty of education students.*
6. *Fedesco, H. N., Bonem, E. M., Wang, C., & Henares, R. (2019). Connections in the classroom: Separating the effects of instructor and peer relatedness in the basic needs satisfaction scale. Motivation and Emotion. doi:10.1007/s11031-019-09765-x*
7. *Gavino, Z. (2013). The teaching performance in the higher*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*institutions in Kalinga, Philippines: A benchmark for quality education. International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences, 2(10), 192-203.*
8. *Guiffrida, D., Gouveia, A., Wall, A., & Seward, D. (2008). Development and validation of the need for relatedness at college questionnaire (NRC-Q). Journal of Diversity in Higher Education, 1,251–261. https://doi.org/10.1037/a0014051.*
9. *Judge, T. A., Erez, A., & Bono, J. E. (1998). The power of being positive: The relation between positive self-concept and job performance. Human Performance, 11, 167–187.*
10. *Kaur, S. (2011). Comparative study of occupational stress among teachers of private and govt. schools in relation to their age, gender and teaching experience. International Journal of Educational planning & administration, 1(2), 151-160.*
11. *Kurt MK. Unpublished PhD thesis. College of Saint Mary; 2014. The Relationship of Nursing Faculty Clinical Teaching Behaviours to Student Learning; pp. 1–113.*
12. *Li Y. (2005) Construct of emotional stability and its moderating effects between proximal organizational conflicts and individual outcomes. AOM Conference. Paper, Under revision.*
13. *Li, Y., & Ahlstrom, D. (2016). Emotional stability: A new construct and its implications for individual behavior in organizations. Asia Pacific Journal of Management, 33(1), 1-28.*
14. *Llego, J. (2017). Classroom Management Approach of STE Science Teachers in Region 1 Philippines. Imperial Journal of Interdisciplinary Research (IJIR), 3(3), 1804-1807.*
15. *Lockwood, P. L., Ang, Y. S., Husain, M., & Crockett, M. J. (2017). Individual differences in empathy are associated with apathy-motivation. Scientific Reports, 7(1), 1-10.*
16. *McCormack, A. (1997). Classroom Management Problems, Strategies and Influences in Physical Education. European Physical Education Review, 3(2), 102–115. doi:10.1177/1356336x9700300202*
17. *Morris, R. G., Tarassenko, L., & Kenward, M. (2005). Cognitive Systems-Information Processing Meets Brain Science. Elsevier.*
18. *Rao, M. B. (2016). Motivation of teachers in higher education. Journal of Applied Research in Higher Education.*
19. *Rubin, K. H., Root, A. K., & Bowker, J. (2010). Parents, peers, and social withdrawal in childhood: A relationship perspective. New directions for child and adolescent development, 2010(127), 79-94.*
20. *Stefanou, C. R., Perencevich, K. C., DiCintio, M., & Turner, J. C. (2004). Supporting autonomy in the classroom: Ways teachers encourage student decision making and ownership. Educational psychologist, 39(2), 97-110.*
21. *Sun, R. C. (2015). Teachers' experiences of effective strategies for managing classroom misbehavior in Hong Kong. Teaching and Teacher Education, 46, 94–103.*
22. *Zahn-Waxler, C., Radke-Yarrow, M., Wagner, E., & Chapman, M. (1992). Development of concern for others. Developmental Psychology, 28(1), 126–136. https://doi.org/10.1037/0012-1649.28.1.126*
23. *Zuckerman, M., Porac, J., Lathin, D., & Deci, E. L. (1978). On the importance of self-determination for intrinsically-motivated behavior. Personality and social psychology bulletin, 4(3), 443-446.*